



Paradahan, mga parke at mga playground: Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente tungkol sa mga ordinansa sa panahon ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Mayo 14, 2020) – Pinaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pagsunod sa mga ordinansa sa panahon ng COVID-19 pandemic at sa buong taon. Ginawa ang mga ordinansa para makatulong sa pagmintina ng ligtas at malinis na lungsod, at bawat Bramptonian ay may papel na gagampanang pagtupad sa mga pamantayang ito.

Ang mga indibidwal na hindi sumusunod sa mga regulasyon ay maaaring mamumultahan ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag sa ilalim ng [Ordinansa sa Pamamaraan ng Brampton sa Emergency ng COVID-19](#), o mamumultahan sa ilalim ng pamprobinsyang Emergency Management and Civil Protection Act (EMCPA). Maaari rin silang mamumultahan sa ilalim ng iba pang kaugnay na mga ordinansa ng Lungsod kung hindi sila susunod sa mga ito.

Ligtas na pagparada ng mga sasakyan

Ang [Ordinansa sa Trapiko 93-93](#) ng Lungsod ay nagpapahayag na walang sasakyan ang pwedeng iparada sa anumang bahagi ng bangketa na makakaharang dito. Ang paggawa nito ay nagbabadya ng panganib sa mga gumagamit ng bangketa at humahadlang sa mga stroller, wheelchair at mga taong naglalakad. Sa ilalim ng ordinansa, ang mga sasakyan ay hindi rin pinapayagan na pumarada sa anumang paraan na nakakaharang sa trapiko. Walang nakaparadang sasakyan ang pwedeng mag-overhang sa daan.

Kung kailangan, maaaring pag-isipan ng mga residente ang pagparada ng behikulo na kaayon ng curb sa sementadong bahagi ng boulevard. Kapag nakaparada sa paraang ito, hindi makakapasok ang mga sasakyan sa daan o bangketa.

Sa panahong ito, dahil ang lahat ng mga paradahan na pag-aari ng Lungsod ay sarado sa publiko hanggang sa karagdagang abiso, pansamantalang sinuspinde ng Lungsod ang pagpapatupad sa pagparada sa kalye na may eksepsyon sa kalusugan, kaligtasan, mga serbisyo sa emergency kaugnay ng mga usapin tulad ng: naharangang mga driveway at fire hydrants, naharangang mga bangketa, mga sagabal sa daan, mga ruta ng bumbero at tinitiyak na ang mga sasakyang pang-emergency ay may daanan.

Paggamit ng mga parke at mga trail

Habang nananatiling sarado ang mga parke ng Lungsod, ang mga residente ay pinapayagang maglakad padaan sa mga parke sa mga pathway at gumamit sa mga trail. Ipinagbabawal pa rin ang paggamit ng mga outdoor na panlibangang pasilidad kabilang ang:

- mga playground at ibang mga istruktura sa mga parke;
- mga picnic site, mga upuan o mga shelter;
- mga outdoor na pasilidad ng sport at kasangkapan ng outdoor fitness, kabilang ang mga sport field, mga basketball at tennis court;



- mga panlibangang sentro at mga lupain sa paligid; at
- mga paradahan.

Pinaalalahanan din ang mga residente na ang mga aso ay hindi pinapahintulutan na pumunta nang walang tali sa alinmang mga parke ng Lungsod, at ang mga parke ng walang taling mga aso ay nananatiling sarado sa panahong ito.

Paglayo mula sa iba

Dahil ang mga residente ay lumalabas sa mga bangketa, trail, mga daanan o iba pang mga pampublikong lugar, kailangan nilang panatilihin ang 2.0 metrong distansya mula sa iba (na hindi nila kasama sa bahay) sa lahat ng oras. Ang mga pagtitipon ng higit sa limang tao ay ipinagbabawal din sa ilalim ng EMCPA.

Para iulat ang mga pagtitipon ng higit sa limang tao, hinihiling ang mga residente na tumawag sa 311.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod bilang tugon sa COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa Twitter, Facebook at Instagram. Para sa karagdagang impormasyon sa mga ordinansa ng Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca